Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION I
SCHOOLS DIVISION OF VIGAN CITY

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg: 599 s. 2025

**PAGREREBISA, PAGSUSURI AT PAGPAPATIBAY O FIELD TESTING SA MGA ISINAKONTEKSTONG KAGAMITANG PAMPAGKATUTO PARA SA PROGRAMANG LITERASI AT NUMERASI PARA SA KEY STAGE 1**

Para sa: Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punong Superbisor ng Edukasyon, CID
Mga Pinuno ng Pampublikong Paaralang Elementarya (MES, SPBES, VCS)

1. Alinsunod sa Panrehiyong Memorandum Blg, 1136, s. 2025, ang Pagrerebisa, Pagsusuri at Pagpapatibay o Field Testing sa mga Isinakontekstong Kagamitang Pampagkatuto para sa Programang Literasi at Numerasi para sa Key Stage 1 ay gaganapin sa Hotelinda Suites, Rivero St., Brgy VIII, Lungsod ng Vigan sa Septyembre 1-6, 2025.

2. Ang sumusunod na tagasuri (learning resource evaluators) ay inaatasang lumahok sa nasabing gawain:

| Pangalan | Katungkulan | Tanggapan |
|---|---|---|
| Azenith Ramos | Principal I | MES |
| Avelina Alon | Principal I | SPBES |
| Ana Castor | Principal IV | VCS |

3. Kaugnay din nito, inaatasan ang mga contextualizers na gawin ang rebisyon ng mga mungkahi *online* mula Agosto 27 hanggang Agosto 30, 2025 mula sa mga tagasuri gamit ang link na ito: https://tinyurl.com/OUTPUTSEbalwasyonLRs.

4. Ang mga rebisadong isinakontekstong kagamitang pampagkatuto ay inaasahang maiupload sa https:/tinyurl.com/RebisadongLRs hanggang Agosto 30, 2025 bago isailalim muli sa pagsusuri na gagawin sa Setyembre 1 hanggang Setyembre 6, 2025 sa Hotelinda Suites, Vigan City.

5. Ang gugugulin para sa pagkain, venue at akomodasyon ay magmumula sa FY GAA 2025. Ibababa sa mga Tanggapan ng Sangay ng mga Paaralan ang gastos sa paglalakbay ng mga kalahok.

6. Itinatagubilin sa lahat ng kalahok na magdala ng laptop, extension cord, at iba pang materyales na maaaring kakailanganin sa mga gawain.

Address: Mena Crisologo St. corner Rivero St., Brgy. IX, Vigan City, Ilocos Sur
Telephone No: (077) 722-20-23 / (077) 632-05-33
Email Address: vigan.city@deped.gov.ph
Website: www.depedvigancity.com

7. Maaaring ipagkaloob ang Compensatory Time Off (CTO) para sa mga araw ng workshop na natapat sa Sabado at opisyal na holiday alinsunod sa DepEd Order Blg. 53, s. 2023 at CSC-DBM Joint Circular Blg. 2, s. 2025.

8. Kalakip ng Memorandum na ito ang Panrehiyog Memorandum Blg., 1136, s. 2025 bilang sanggunian.

9. Hinihiling ang agarang pagpapalaganap sa Memorandum na ito.

**VILMA D. EDA, CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

Kalakip: wala
Sanggunian: PM Blg., 1136, s. 2025

Maitala sa Perpetual Index
Sa ilalim ng sumusunod na paksa:

INSTRUCTIONAL MATERIALS
LEARNING RESOURCES

SCHOOLS DIVISION OFFICE
DEPED VIGAN CITY
28 AUG 2025
RELEASED
BY:

2508 - 2309 E 356

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. 1
RECEIVED
022670
BY: [signature] DATE:
AUG 27 2025

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION I

**PANREHIYONG MEMORANDUM**
**Blg. 1136, s. 2025**

**PAGREREBISA, PAGSUSURI, AT PAGPAPATIBAY O *FIELD TESTING* SA MGA ISINAKONTEKSTONG KAGAMITANG PAMPAGKATUTO PARA SA PROGRAMANG LITERASI AT NUMERASI PARA SA KEY STAGE 1**

Sa Mga: Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon I, sa pamamagitan ng Sangay ng Pamamahala ng Kurikulum at Pagkatuto- Seksiyong Pamamahala ng Kagamitang Pampagkatuto ay nakikipagtulungan sa mga Tanggapan ng Sangay ng Paaralan sa pagbibigay at pagpapatupad ng Nirebisang Batayang Kurikulum sa Edukasyon upang mapabuti ang mga kinalabasan sa pagkatuto sa pamamagitan ng kontekstuwalisasyon ng kurikulum, pagpapatupad ng mga pamantayan, at pagpapataas ng akses sa dekalidad at iba't ibang kagamitang pampagkatuto.

2. Bahagi ng kabuoang proseso ng kontekstuwalisasyon ay ang pagrerebisa kung saan ilalapat ng mga *contextualizer na lumahok sa Kontekstuwalisasyon ng Kagamitang Pampagkatuto para sa Literasi at Numersi para sa Key Stage 1* ang mga mungkahi ng mga tagasuri na itinala sa Summary of Findings, Review and Recommendation (SFRR) at Evaluation Tools. Makikita rin sa *marginal notes* ang mga obserbasyon at mungkahi ng mga tagasuri.

3. Kaugnay nito, hinihiling ng Sangay ng Pamamahala ng Kurikulum at Pagkatuto ang pagsasakatuparan ng mga mungkahi mula sa mga tagasuri ng mga naturang kagamitang pampagkatuto. Nasa link na ito https://tinyurl.com/OUTPUTSEbalwasyonLRs ang *Team Summary of Findings, Review and Recommendations, Filled out Evaluation Tools* at ang mga naisakonteksto na mga kagamitang pampagkatuto.

4. Inaatasan ang mga *contextualizer* na gawin ang rebisyon o implementasyon ng mga mungkahi *online* mula Agosto 27 hanggang Agosto 30, 2025.

5. Ang mga rebisadong isinakontekstong kagamitang pampagkatuto ay inaasahang mai-*upload* sa https://tinyurl.com/RebisadongLRs hanggang Agosto 30, 2025. Ang mga ito ay sasailalim muli sa pagsusuri na gagawin sa Setyembre 1, 2025 hanggang Setyembre 6, 2025 sa Hotelinda Suites, Rivero St., Brgy. VIII, Vigan City.

6. Hinihiling ng Tanggapang ito ang pagdalo ng mga tagasuri (learning resource evaluators) ng naturang mga naisakontekstong mga kagamitang pampagkatuto upang suriing muli ang mga narebisang LRs upang matiyak na nasunod ang pamantayang itinakda ng departamento.

7. Ang pagkain, *venue*, at akomodasyon ng mga tagasuri ng mga binagong kagamitang pampagkatuto ay itatalaga mula sa **FY GAA 2025**. Ang gastos sa paglalakbay ng mga kalahok ay ibababa sa mga Tanggapan ng Sangay ng Paaralan. Kung sakaling hindi sapat ang pondo, ang karagdagang gastos ay maaaring kunin mula sa mga lokal na pondo, alinsunod sa umiiral na mga tuntunin at regulasyong pampananalapi.

8. Ang unang pagkaing ihahain ay meryenda sa hapon ng Setyembre 1, 2025 (para sa pagsusuri ng isinakontekstong kagamitang pampagkatuto o *review of the revised LRs* ) habang ang huling pagkain ay tanghalian ng Setyembre 6, 2025. Ang lahat ng kalahok ay inaasahang magdala ng *laptop, extension cord* at iba pang materyales na maaaring kailanganin sa mga gawain.

9. Gagawin ang pagpapatibay o field testing sa Setyembre 4 at 5, 2025 sa piling paaralan at Sangay. Maglalabas ng ibang memorandum para sa detalye ng gawaing ito sa lalong madaling panahon.

10. Maaaring ipagkaloob ang Compensatory Time Off (CTO) para sa mga araw ng *workshop* na natapat sa Sabado at opisyal na holiday, alinsunod sa DepEd Order Blg. 53, s. 2023 at CSC-DBM Joint Circular Blg. 2, s. 2025.

11. Para sa karagdagang katanungan, maaaring makipag-ugnayan sa Sangay ng Pamamahala ng Kurikulum at Pagkatuto sa telepono (072) 682-2324 local 120, o sa Seksiyon ng Pamamahala ng mga Kagamitang Pampagkatuto sa local 121, o mag-*email* sa lrmds.region1@deped.gov.ph.

12. Para sa kaalaman at agarang pagpapalaganap.

**TOLENTINO G. AQUINO**
Direktor IV

Kalakip.: Listahan ng mga Contextualizers
Sanggunian: Wala
Maitala sa Perpetual Index
Sa ilalim ng sumusunod na paksa:

INSTRUCTIONAL MATERIALS
LEARNING RESOURCES

CLMD-LRMS/gaa.jdd.nmcb/RM_RebisyonPagsusuriPagpapatibayoFieldTestingLiterasiatNumerasiKeyStage1
Agosto 26, 2025

Documan ®
DepEd RO1 LRMDS250433

ANNEX A: SLOT PER SCHOOLS DIVISION OFFICE

| SDOs | Review of the Revised LRs<br>*Trained and Practicing LREs* |
|---|---|
| Alaminos City | 3 |
| Batac City | 3 |
| Candon City | 3 |
| DagupanCity | 6 |
| Ilocos Norte | 8 |
| Ilocos Sur | 6 |
| Laoag City | 3 |
| La Union | 8 |
| Pangasinan I | 14 |
| Pangasinan II | 14 |
| San Carlos City | 8 |
| San Fernando City | 3 |
| Urdaneta City | 6 |
| Vigan City | 3 |
| | **88** |

PROGRAM MANAGEMENT TEAM/TECHNICAL WORKING COMMITEE

| | | |
|---|---|---|
| Arlene A. Niro | Chief Education Supervisor | Program Owner |
| Gina A. Amoyen | EPS, LRMS | Focal Person<br>Chair, TWG |
| Joselito D. Daguison | EPS, Filipino | Co-Focal Person<br>Co-Chair, TWC |
| Johnson P. Sunga | EPS-English | Member, TWC |
| Editha T. Giron | EPS, AP/Makabansa | Member, TWC |
| Niña Marie Ballada | Administrative Assistant II | Member, TWC<br>Head, Secretariat |

2538 - 480

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION I
SCHOOLS DIVISION OF VIGAN CITY

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg: 534 s. 2025

**KONTEKSTUWALISASYON AT EBALWASYON NG MGA KAGAMITANG PAMPAGKATUTO PARA SA PROGRAMANG LITERASI AT NUMERASI NG KEY STAGE 1**

To: Hepe ng Curriculum Implementation Division
Pinuno ng Publikong Paaralang Elementary at Sekundarya

1. Alinsunod sa Panrehiyong Memorandum Blg, 1039, s. 2025, ang Kontekstuwalisasyon at Ebalwasyon ng mga Kagamitang Pampagkatuto para sa Programang Literasi at Numerasi para sa Key Stage 1 ay gaganapin sa Hotelinda Suites, Rivero St., Brgy VIII, Lungsod ng Vigan Agosto 11-16, 2025 para sa Yugto 1 at sa Agosto 18-23, 2025 para naman sa Yugto 2.

2. Ang mga kalahok sa nasabing gawain ay ang sumusunod:

Yugto 1: Kontekstuwalisasyon- Agosto 11-16, 2025

| Pangalan | Katungkulan | Tanggapan |
|---|---|---|
| Vivian del Castillo | Principal I | CAPES |
| Erlinda Anicas | Head Teacher VI | ISNHS |
| Marinel Valdez | Head Teacher II | SJES |
| Aldrich Quiocho | PDO II | SDO |

Yugto 2: Ebalwasyon – Agosto 18-23, 2025

| Pangalan | Katungkulan | Tanggapan |
|---|---|---|
| Azenith Ramos | Principal I | MES |
| Avelina Alon | Principal I | SPBES |
| Ana Castor | Principal III | VCS |

3. Ang gugugulin para sa pagkain, venue at akomodasyon ay magmumula sa FY GAA 2025. Ibababa sa mga Tanggapang Pansangay ang gastos sa paglalakbay ng mga kalahok.

4. Itinatagubilin sa lahat ng kalahok na magdala ng laptop, extension cord, at iba pang materyales na maaaring kakailanganin sa mga gawain.

5. Maaaring ipagkaloob ang Compensatory Time Off (CTO) para sa mga araw ng workshop na natapat sa Sabado at opisyal na holiday alinsunod sa DepEd Order Blg. 53, s. 2023 at CSC-DBM Joint Circular Blg. 2, s. 2025.

6. Kalakip ang Panrehiyog Memorandum Blg., 1039, s. 2025 bilang sanggunian.

7. Hinihiling ang agarang pagpapalaganap sa Memorandum na ito.

**VILMA D. EDA, CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

Kalakip: wala
Sanggunian: PM No, 1039, s. 2025

Maitala sa Perpetual Index
Sa ilalim ng sumusunod na paksa:

EBALWASYON
KONTEKSTUWALISYON
LITERASI AT NUMERASI

SCHOOLS DIVISION OFFICE
DEPED VIGAN CITY
0 8 AUG 2025
RELEASED
BY:

2508-780 E 237

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION I

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. 1
RECEIVED
021275
BY: VDD DATE AUG 07 2025

**PANREHIYONG MEMORANDUM**
**Blg. 1039, s. 2025**

**KONTEKSTUWALISASYON AT EBALWASYON NG MGA KAGAMITANG PAMPAGKATUTO PARA SA PROGRAMANG LITERASI AT NUMERASI NG *KEY STAGE* 1**

Sa Mga: Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon I, sa pamamagitan ng Sangay ng Pamamahala ng Kurikulum at Pagkatuto ay nakikipagtulungan sa mga Tanggapan ng Sangay ng Paaralan sa pagbibigay at pagpapatupad ng Nirebisang Batayang Kurikulum sa Edukasyon upang mapabuti ang mga kinalabasan sa pagkatuto sa pamamagitan ng kontekstuwalisasyon ng kurikulum, pagpapatupad ng mga pamantayan, at pagtaas ng akses sa dekalidad at iba't ibang kagamitang pampagkatuto.

2. Kaugnay nito, pamamahalaan ng CLMD–Learning Resource Management Section ang Kontekstuwalisasyon at Ebalwasyon ng mga Kagamitang Pampagkatuto para sa Literasi at Numerasi para sa Key Stage I sa Hotelinda Suites, Rivero St., Brgy. VIII, Lungsod ng Vigan sa sumusunod na petsa:
   Yugto 1: Kontekstuwalisasyon – Agosto 11–16, 2025
   Yugto 2: Ebalwasyon – Agosto 18–23, 2025

3. Ang mga gawain ay naglalayong maisakatuparan ang sumusunod:

   a. maisakonteksto ang mga kagamitang pampagkatuto sa literasi at numerasi para sa Key Stage 1;
   b. masuri ang mga kontekstuwalisadong kagamitang pampagkatuto gamit ang pamantayang kasangkapan sa ebalwasyon; at
   c. maisakatuparan ang proseso ng ebalwasyon.

4. Hinihiling sa mga Tanggapan ng Sangay ng mga Paaralan na magpadala ng mga punongguro, ulongguro ng kagawaran, tagamasid pampurok, at mga superbisor ng programa sa edukasyon upang lumahok sa mga gawain alinsunod sa bilang ng mga kalahok na makikita sa Annex A.

5. Ang gugugulin para sa pagkain, *venue*, at akomodasyon ay magmumula sa **FY GAA 2025**. Ang gastos sa paglalakbay ng mga kalahok ay ibababa sa mga Tanggapan ng Sangay ng mga Paaralan. Kung sakaling hindi sapat ang pondo, ang karagdagang gastos ay maaaring kunin mula sa mga lokal na pondo, alinsunod sa umiiral na mga tuntunin at regulasyong pampananalapi.

6. Ang unang pagkaing ihahain ay meryenda sa hapon ng Agosto 11, 2025 (para sa Yugto 1) at Agosto 18, 2025 (para sa Yugto 2), habang ang huling pagkain ay tanghalian ng Agosto 16, 2025 (para sa Yugto 1) at Agosto 23, 2025 (para sa Yugto 2).

7. Itinatagubilin sa lahat ng kalahok na magdala ng *laptop, extension cord*, at iba pang materyales na maaaring kakailanganin sa mga gawain.

8. Maaaring ipagkaloob ang Compensatory Time Off (CTO) para sa mga araw ng *workshop* na natapat sa Sabado at opisyal na *holiday*, alinsunod sa DepEd Order Blg. 53, s. 2023 at CSC-DBM Joint Circular Blg. 2, s. 2025.

9. Para sa karagdagang katanungan, maaaring makipag-ugnayan sa Sangay ng Pamamahala ng Kurikulum at Pagkatuto sa telepono (02) 682-2324 local 120, o sa Seksiyon ng Pamamahala ng mga Kagamitang Pampagkatuto sa local 121, o mag-email sa lrmds.region1@deped.gov.ph.

10. Hinihiling ang agarang pagpapalaganap sa Memorandum na ito.

**TOLENTINO G. AQUINO**
Direktor IV

Kalakip.: Wala
Sanggunian: Wala
Maitala sa Perpetual Index
Sa ilalim ng sumusunod na paksa:

EBALWASYON
KONTEKSTUWALISASYON
LITERASI AT NUMERASI

CLMD/gaa.jdd/RM_KontekstuwalisasyonatEbalwasyon-LiterasiatNumerasiKeyStage1
Agosto 6, 2025

DepEd RO1 LRMDS250408

ANNEX A: Bilang ng Kalahok sa Bawat Pansangay na Tanggapan ng mga Paaralan

| SDOs | Yugto 1: Kontekstuwalisasyon | | Yugto 2: Ebalwasyon |
|---|---|---|---|
| | *Contextualizers* | *Illustrators* | *Trained LREs* |
| Alaminos City | 4 | 1 | 3 |
| Batac City | 4 | 1 | 3 |
| Candon City | 4 | 1 | 3 |
| DagupanCity | 12 | 2 | 6 |
| Ilocos Norte | 12 | 2 | 6 |
| Ilocos Sur | 12 | 2 | 6 |
| Laoag City | 4 | 1 | 3 |
| La Union | 12 | 2 | 6 |
| Pangasinan I | 25 | 4 | 14 |
| Pangasinan II | 25 | 4 | 14 |
| San Carlos City | 12 | 2 | 6 |
| San Fernando City | 4 | 1 | 3 |
| Urdaneta City | 12 | 2 | 6 |
| Vigan City | 3 | 1 | 3 |
| | **145** | **26** | **82** |